# Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Pang-Sekondarya (SSPA) 2024

# Madalas na mga Katanungan

## Paglalabas ng mga resulta ng SSPA

**(1) T Kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi makakabalik sa mga paaralan at mangongolekta ng mga resulta ng alokasyon sa araw ng paglabas ng mga resulta ng alokasyon (iyon ay ika-9 ng Hulyo 2024) o magpaparehistro sa inilaang mga paaralan sa ika-11 ng Hulyo at ika-12 ng Hulyo, ano ang dapat nilang gawin?**

**S** (a) Kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi makakabalik sa mga paaralan at mangongolekta ng mga resulta ng alokasyon at kukumpletuhin ang pamamaraan ng pagpaparehistro sa inilaang mga paaralan nang personal, dapat silang kumuha mula sa pinuno ng paaralang pang-primarya ng kanilang anak ng isang nakasulat na pahintulot para sa isang kinatawan upang kumilos sa kanilang ngalan. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa kani-kanilang paaralang pang-primarya. Sa araw ng paglabas ng resulta ng alokasyon, dapat na ipakita ng awtorisadong tao ang kanyang dokumento ng pagkakakilanlan para sa koleksyon ng orihinal ng Slip ng Admisyon at Pinapahintulutang Liham para sa Pagpaparehistro ng mga Mag-aaral sa Sekondarya 1 ng nasabing mag-aaral mula sa paaralang pang-primarya upang makumpleto ang mga pamamaraan ng pagpaparehistro sa mga petsa na tinukoy sa nauugnay na mga dokumento. Kung hindi, ang inilaang Sekondarya 1 (S1) na lugar ay hindi maireresreserba.

(b) Kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay may tunay na kahirapan sa pagrehistro sa nakalaang paaralan sa panahon ng pagpaparehistro nang personal o sa pamamagitan ng kanilang mga awtorisadong kinatawan, dapat nilang ipaalam sa mga may kinalamang paaalan o sa School Places Allocation (SPA) Section ng Education Bureau (EDB) bago matapos ang panahon ng pagpaparehistro upang makagawa ng alternatibong mga pamamaraan para sa pagpaparehistro. Ang kabiguang gawin ito ay nangangahulugang pinili nilang isuko ang nakalaang mga lugar.

**(2) T Kung nawala ng mga mag-aaral ang kanilang mga dokumento ng alokasyon bago ang panahon ng pagpaparehistro, ano ang dapat nilang gawin?**

**S** Kung nawala ng mga mag aaral ang kanilang mga dokumento ng alokasyon bago ang panahon ng pagpaparehistro, dapat silang mag-aplay para sa kapalit nito sa lalong madaling panahon. Ang mga mag-aaral o ang kanilang awtorisadong mga kinatawan ay dapat magdala ng orihinal na mga dokumento ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral at mga dokumento ng mga nag-aaral sa mga paaralang pang-primaya (hal. mga ulat sa paaralan o mga Primary 6 Student Record Forms) at kumpletuhin ang mga pamamaraan ng pagpapalit sa SPA section ng EDB (Address: Podium Floor, West Block, Education Bureau Kowloon Tong Education Services Centre, 19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon) sa oras ng opisina (Lunes hanggang Biyernes mula 08:30 hanggang 13:00 at 14:00 hanggang 18:00; sarado tuwing Sabado, Linggo at Pampublikong mga Bakasyon). Ang opisyal na bayad sa paglagda ay HK$125. Kung nawala ng mga mag-aaral ang kanilang mga dokumento ng aloksayon sa loob ng panahon ng pagpaparehistro, dapat silang makipag-ugnayan sa SPA na Seksyon ng EDB sa 2832 7740 o 2832 7700 sa lalong madaling panahon.

**(3) T Kung nais ng mga magulang na mag-aplay para sa admisyon para sa kanilang mga anak sa ibang paaralan pagkatapos ng paglabas ng mga resulta ng alokasyon o ang kanilang mga anak ay tinanggap ng ibang paaralan pagkatapos ng pagpaparehistro, ano ang dapat nilang gawin?**

**S** Ang mga magulang ay maaari, sa iba't ibang mga kadahilanan, na naising mag-aplay para sa admisyon sa ibang paaralan para sa kanilang mga anak. Sa kasong ito, ang mga magulang ay maaaring mag-aplay nang direkta sa mga paaralan ngunit kung ang kanilang mga anak ay tatanggapin ito ay nasa pagpapasya ng mga nasabing paaralan. Dapat tandaan ng mga magulang na bago pa man tanggapin ang kanilang mga anak ng ibang paaralan, dapat magparehistro ang mga magulang sa inilaang paaralan sa loob ng itinakdang panahon at oras ng pagpaparehistro. Ang pagkabigong gawin ito ay ituturing na isuko ang lugar na inilaan.

Kung ang isang mag-aaral ay tinanggap ng ibang paaralan, kailangan niyang kunin ang Slip ng Admisyon mula sa inilaang paaralan na kung saan siya ay nakarehistro para sa pagsusumite sa paaralanng paglilipatan. Kapag nakuha ng mag-aaral ang Slip ng Admisyon mula sa inilaang paaralan, kakanselahin ng inilaang paaralan ang pagpaparehistro at ang inilalaang lugar na S1 ay hindi irereserba para sa kanya.

**(4) T Mailalaan ba ang isang mag-aaral sa isang paaralan sa ibang mga distrito?**

**S** Ang isang mag-aaral ay mailalaan sa isang paaralan sa ibang mga distrito sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

(a) Ang mag-aaral ay maaaring tinanggap ng isang paaralan sa ibang distrito sa yugto ng mga Lugar na nasa Pagpapasiya (DP);

(b) Ang mag-aaral ay maaaring inilaan sa isang lugar ng paaralan sa ibang distrito na pinili sa ilalim ng Bahagi A na "Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" sa yugto ng Sentral na Alokasyon (CA); o

(c) Sa bawat paaralang napapaloob, mayroong mga paaralang pang-sekondarya na matatagpuan sa distrito at ilang mga paaralang pang-sekondarya sa iba pang mga distrito para sa pagpili ng mga magulang. Ang mga mag-aaral ay maaaring ilaan sa isang paaralang pang-sekondarya sa ibang distrito na nagbibigay ng mga lugar ng paaralan para sa kanyang paaralang napapaloob.

**(5) T Mailalaan ba ang mga mag-aaral sa mga paaralan na wala sa kanilang mga pinagpiliang paaralan na inilagay sa Form para sa Sekondaryang Isang Pagpipilian ng mga Paaralan (Choice Form)?**

**S** Kapag nakumpleto ang Choice Form sa Bahagi A na "Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian", ang mga magulang ay maaaring pumili ng pinakamalaki na tatlong paaralang pang-sekondarya mula sa anumang mga paaralang napapaloob. Habang sa pagkukumpleto naman ng Bahagi B na "May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian", ang mga magulang ay maaaring pumili ng pinakamalaki na 30 paaralang pang-sekondarya mula sa paaralang napapaloob kung saan nabibilang ang kanilang anak.

Sa proseso ng alokasyon, ang "Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" sa Bahagi A ay unang ipoproseso. Ang isang mag-aaral na matagumpay sa pagkuha ng isang lugar ng paaralan sa Bahagi A ay hindi lalaanan ng isang lugar sa Bahagi B na "May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian". Kung ang isang mag-aaral ay hindi mabibigyan ng alokasyon sa isang lugar na paaralan pagkatapos maubos na ang kanyang napiling paaralan sa Bahagi A, siya ay bibigyan ng alokasyon sa isang lugar ng paaralan sa Bahagi B.

Sa pagpoproseso ng mga pagpipiliang paaralan sa Bahagi B, ang computer ay maglalaan ng mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral ayon sa kanilang pangkat ng alokasyon, mga pagpipiliang paaralan at sapalarang bilang. Kung ang mga mag-aaral ay hindi mapaglaanan ng mga lugar ng paaralan kahit na matapos na maubos ang lahat ng kanilang mga napagpiliang paaralan, ang computer ay maglalaan ng isang lugar para sa kanila mula sa natitirang mga lugar ng sekondaryang paaralan[1] sa paaralang napapaloob. Sa ibang salita, kung mas maraming mga pagpipiliang paaralan ang pinunan ng mga magulang, mas malaki ang pagkakataong mapaglaanan ang kanilang mga anak sa isa sa kanilang napiling paaralan. Sa kasalungatan, kung ang mga magulang ay pumili lamang ng ilang mga paaralan o tanyag na mga paaralan, ang pagkakataon ng kanilang mga anak na mapaglaanan sa isang paaralang pang-sekondarya na lampas sa kanilang mga napiling paaralan ay mas mataas.

[1] Hindi kasama ang mga Paaralan sa Iskema ng Direktang Subsidiya at mga paaralang may komentong "Ang mga Estudyante ay hindi mabibigyang alokasyon sa paaralang ito maliban na lamang kung isinama nila ito sa kanilang mga pinagpipilian."

**(6) T Ang mga mag-aaral ba ng isang feeder/nominadong paaralang pang-primarya ay hindi mailalaan sa kanilang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya?**

**S** Ang mga nasabing mag-aaral ay karapat-dapat lamang para sa isang nakalaan na lugar sa kanilang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya kung sila ay nasa Pangkat na Napapapaloob 1 o 2 at pinili ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang kanilang unang napili na paaralan sa Bahagi B "May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" ng CA. Kung ang bilang ng karapat-dapat na mga mag-aaral ay higit pa sa bilang ng nakareserbang mga lugar, ang alokasyon ayon sa pagkakasunod-sunod ng prayoridad ay ibabatay sa Pangkat ng Napapaloob ng mga mag-aaral at ang kanilang mga sapalarang bilang hanggang mapunan ang lahat ng nakareserbang mga lugar.

Gayunpaman, maaaring may mga kaso kapag ang mga mag-aaral ay hindi mapaglaanan sa feeder/nominadong paaaralang pang-sekondarya:

(a) Hndi natupad ng mag aaral ang kinakailangan ng Pangkat ng Napapaloob;
(b) Hindi ginawa ng mag-aaral ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya ang kanyang unang napiling paaralan sa Bahagi B "May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" ng CA tulad ng kinakailangan;
(c) Ang karapat-dapat na feeder/nominadong mga mag-aaral ng Primarya 6 ay mahigit sa bilang ng naireserbang mga lugar ng paaralan;
(d) Matagumpay na nakakuha ng mag-aaral ang isang lugar na nasa pagpapasiya sa ibang paaralang pang-sekondarya o nailaan ang isang lugar sa paaralan sa Bahagi A "Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" ng CA; o
(e) Inaprubahan ang mag-aaral para sa alokasyong cross-net.

**(7) T Ano ang mga pagkakaiba sa mga kaayusan ng alokasyon sa pagitan ng mga sekondaryang paaralan ng Iskema ng Direktang Subsidiya (DSS) na nakikilahok sa SSPA na Sistema at gobyerno, tinulungan at caput na sekondaryang paaralan?**

**S** Ang mga kaayusan ng alokasyon para sa nakikilahok na mga sekondaryang paaralan ng DSS at gobyerno, tinulungan at caput na sekondaryang paaralan ay karaniwang pareho maliban na ang nakikilahok na DSS na sekondaryang paaralan ay maaaring magpareserba ng higit sa 30% ng mga lugar sa S1 bilang DP. Kinakailangan pa rin ng mga paaralan na magpareserba ng 10% ng mga lugar ng paaralan sa CA para sa alokasyon sa ilalim ng Bahagi A "Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian." Bukod dito, ang mga lugar sa S1 ng nakikihalok na mga sekondaryang paaralan na DSS ay inilalaan sa isang prinsipyo na "walang pinili – walang alokasyon" sa Bahagi B "May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian" ng CA. Sa ibang salita, ang mga mag-aaral ay hindi ilalaan sa isang nakikibahaging sekondaryang paaralan ng DSS maliban kung isinama nila ang paaralan bilang isa sa pagpipilian sa Bahagi B ng CA.

**(8) T Saan dapat itinuro ang mga pagtatanong ng mga magulang sa mga resulta ng alokasyon?**

**S** Maaaring makipag-ugnayan ang mga magulang sa SPA na Seksyon ng EDB sa oras ng opisina (Lunes hanggang Biyernes mula 08:30 hanggang 13:00 at 14:00 hanggang 18:00; sarado tuwing Sabado, Linggo at Pampublikong mga Bakasyon) sa Podium Floor, West Block, Education Bureau Kowloon Tong Education Services Centre, 19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon. Ang mga numero ng telepono ng SPA na Seksyon ay 2832 7740 o 2832 7700. Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa Sistemang SSPA, ang mga magulang ay maaari ding sumangguni sa Pulyeto ng Impormasyon at mga video na in-upload sa homepage na ito.

Seksyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan

Kawanihan ng Edukasyon

Hulyo 2024